Mensahe Sampu

## Ang Pagbabawi ng Panginoon—ang Itayo ang Zion

Babasahin sa Kasulatan: Awit 48:2, 11-12; 20:2; 50:2; 53:6a; 87:2; Apoc. 2:7, 11, 17, 26-28; 3:5, 12, 20-21

**I. Ang Zion ay ang lunsod ni Haring David (2 Sam. 5:7), ang sentro ng lunsod ng Herusalem, kung saan ang templo bilang pinananahanang lugar ng Diyos sa lupa ay itinayo (Awit 9:11; 2:6; 74:2; 76:2b; 125:1; 135:21; Isa. 8:18):**

A. Ang Herusalem ay sumasagisag sa ekklesia, at ang Zion ay sumasagisag sa mga mandaraig sa ekklesia:

1. Ang Zion ay ang pinakatampok ng Herusalem, ang kagandahan ng banal na lunsod—Awit 48:2; 50:2.
2. Bilang pinakatampok at kagandahan ng banal na lunsod ng Herusalem, ang Zion ay sumasagisag sa mga mandaraig bilang ang mataas na rurok, ang sentro, ang pag-angat, ang pagpapalakas, ang pagpapayaman, ang kagandahan, at ang realidad ng ekklesia—48:2, 11-12; 20:2; 53:6a; 87:2.
3. Ang burol ng Zion ay lubusang bukas sa Panginoon at lubusang naangkin Niya—24:1, 3, 7-10.

B. Ang mga mandaraig bilang Zion ay ang realidad ng Katawan ni Kristo at nagpapasukdol ng pagtatayo ng Katawan sa mga ekklesia lokal upang dalhin ang napasukdol na banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, ang sukdulang Kabanal-banalan bilang pinananahanang lugar ng Diyos, sa walang hanggan—Apoc. 21:16; cf. Exo. 26:2-8; 1 Hari 6:20.

C. Ang buhay-ekklesia ay ang Herusalem ngayon, at sa loob ng buhay-ekklesia ay dapat mayroong grupo ng mga mandaraig bilang ang Zion ngayon—Roma 12:4-5; Efe. 4:16; Apoc. 2:7; 3:12:

1. Inihahayag nito na ang mga ekklesia lokal ay hindi ang gol ng Diyos bagkus isang pamamaraan na kinukuha ng Diyos upang marating ang Kanyang gol; ang mga ekklesia lokal ang naghahatid sa atin tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo.
2. Ang pinakamataas na rurok ng pagbabawi ng Panginoon na makapagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos ay ang makapagbunga ang Diyos hindi ng maraming mga ekklesia lokal sa isang pisikal na paraan kundi ng isang organikong Katawan upang maging Kanyang organismo—1 Cor. 12:27; Efe. 4:16.

**II. Kailangan nating matanto kung ano ang pagbabawi ng Panginoon; ang pagbabawi ng Panginoon ay ang itayo ang Zion—Apoc. 14:1; Efe. 4:16; Apoc. 21:2, 9-10:**

A. Ang mga katangian, ang buhay, ang pagpapala, at ang pagtatatag ng Herusalem ay nagmumula sa Zion—1 Hari 8:1; Awit 51:18; 102:21; 128:5; 135:21; Isa. 41:27; Joel 3:17.

B. Sa aklat ng Apocalipsis ang ninanais ng Panginoon at ang itatayo ng Panginoon ay ang Zion, ang mga mandaraig; ito ang intrinsikong realidad ng espiritwal na pahayag sa banal na Salita ng Diyos; tiyak na kailangan nating maging desperadong manalangin sa anumang halaga at magbayad ng halaga gaya ng ginawa ni apostol Pablo—2:7, 11, 17, 26-28; 3:5, 12, 20-21; Col. 4:2; Fil. 3:8-14.

C. Ang ating tugon sa pagtawag ng Panginoon ng mga mandaraig sa kapanahunang ito ay upang tayo ay gawing buháy; ang gawing buháy ay ang maging buháy at aktibo sa kaisahan kalakip ang ating buháy at kumikilos na Diyos; ang pagkilos ng Diyos sa lupa para sa pagsasakatuparan ng Kanyang walang hanggang ekonomiya sa sukdulan ay sa pamamagitan ng mga mandaraig—Dan. 11:32; Heb. 3:12; 9:14; cf. Apoc. 3:1.

D. Ang mga mandaraig, na isinasagisag ng Zion, ay ang tuntungan na sa pamamagitan nito ang Panginoon bilang Hari ng kaluwalahatian ay babalik upang angkinin ang buong lupa bilang Kanyang kaharian—Awit 24:1, 3, 7-10; Dan. 2:34-35; 7:13-14; Joel 3:11; Apoc. 11:15; 19:13-14.

E. Walang ibang paraan upang marating ang mataas na rurok ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, ang realidad ng Katawan ni Kristo, kundi sa pamamagitan ng panalangin; ang ating pagiging

mga mandaraig bilang ang realidad ng Katawan ni Kristo upang maging ang kasintahang babae ni Kristo ang magsasara sa kapanahunang ito, ang kapanahunan ng ekklesia, at magbabalik kay Kristo bilang Hari ng kaluwalhatian upang kunin, angkinin, at pamunuan ang lupang ito kasama ang Kanyang mga mandaraig sa kapanahunan ng kaharian—bb. 7-9; 20:4-6; Awit 24:7-10.

F. Ang Liham ni Pablo sa mga taga-Efeso ay naghahayag ng pamumuhay ng mga mandaraig, na namumuhay sa realidad ng Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng pamumuhay sa pinaghalong espiritu:

1. Ang realidad ng Katawan ni Kristo ay ang pinakamataas na rurok sa ekonomiya ng Diyos at ang pinakamataas na pahayag ng Biblia, na inihayag sa pamamagitan ng isang espiritu ng karunungan at pahayag—1:17, 22-23.
2. Ang realidad ng Katawan ni Kristo ay isang pamumuhay sa pinaghalong espiritu, na siyang pinananahanang lugar ng Diyos, ang bahay ng Diyos, ang Betel ngayon, ang pintuan ng langit, at ang Kabanal-banalan, ang pinananahanang lugar ng malahanging Kristo bilang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, na isinasagisag ng Kaban—b. 17; 2:22; 3:5, 16; 4:23; 5:18; 6:18; Gen. 28:12-17; Juan 1:51; Heb. 9:3-4; 10:19-22.
3. Ang realidad ng Katawan ni Kristo ay ang realidad na na kay Hesus, ang aktuwal na kondisyon ng buhay ni Hesus gaya ng naitala sa apat na Ebanghelyo, pinarami sa Kanyang maraming sangkap bilang sama-samang pamumuhay ng mga napasakdal na Diyos-tao sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan sa pamamagitan ng nagpapabagong Espiritu na naihalo sa kanilang naisilang na muling espiritu—Efe. 4:1-6, 15-16, 20-24; Gal. 2:20; Fil. 1:19-21a; 4:11-13.
4. Ang ekklesia ay puno ng nagpapaganda, naghahanda ng kasintahang babaeng Espiritu, na siyang naihalo sa ating espiritu, upang tayo ay maging ang banal, maganda, naghahayag ng Diyos na kasintahang babae, isang kasintahang babaeng walang dungis o depekto—Efe. 5:18, 26-27; Isa. 60:7, 19; 62:3; Exo. 28:2; cf. Awit 27:4; 48:2; 50:2; 110:2-3, 7; Isa. 28:5; 60:21; 61:3.
5. Upang si Kristo ay maging matagumpay sa ating buong katauhan, dapat nating maranasan ang pumapatay na Espiritung naihalo sa ating espiritu upang lahat ng sa katunggali ng Diyos ay mapatay sa loob natin, sinasanhi tayong mamuno sa dibinong buhay ng Espiritu laban kay Satanas, sa kasalanan, at kamatayan para sa pamamahala ng Diyos at upang mamuhay ng isang malusog na buhay Katawan, isang malusog na buhay-ekklesia—Efe. 6:10-18; Awit 48:12-13.

**III. Tinatamasa ng mga mandaraig si Kristo bilang ang nagkatawang-taong Tres-unong Diyos, ang Diyos-tao, at sa kanilang puso ay ang mga daan patungong Zion—"[Pinagpala] ang tao na ang kalakasan ay nasa Iyo, / Na may mga daan sa kanyang puso na tungo sa [Zion]. / Na nagdaraan sa libis ng [Baca], / na ginagawa nilang dako ng mga bukal; / Oo, tinatakpan ng pagpapala ng maagang ulan / Sila'y nagsisiyaon sa kalakasa't kalakasan; / Bawat isa sa kanila ay napakikita sa harap ng Diyos sa [Zion]"—84:5-7:**

A. Ang mga pag-aalis at mga pagtangis ay nagreresulta sa pagtatamasa ng kagandahan at katamisan ng bahay ng Diyos—bb. 1, 6 at mga talababa 1[1] at 6[1]; cf. 73:26 at talababa 1.

B. Habang tayo ay nananangis, tayo ay napupunuan ng Espiritu, at ang Espiritu ay nagiging isang bukal at maagang ulan sa atin; ang mga daan patungong Zion ay sumasagisag sa ating intensiyong pumasok sa ekklesia bilang bahay ng Diyos taglay ang dalawang altar, na sumasagisag sa mga nangungunang pagpapasukdol ng gawain ng nagkatawang-taong Tres-unong Diyos, na siyang si Kristo bilang pagsasakatawan ng Diyos para sa Kanyang pagpaparami—84:3-6.

C. Inihahayag ng Awit 84:11 na ang mga pagpapala ng ating pananahanan sa bahay ng Diyos ay ang ating pagtatamasa ng nagkatawang-tao at napasukdol na Tres-unong Diyos bilang ating araw upang tustusan tayo ng buhay (Juan 1:4; 8:12), bilang ating kalasag upang protektahan tayo mula sa kaaway ng Diyos (Efe. 6:11-17), bilang biyaya para sa ating pagtatamasa (Juan 1:14, 17), at bilang kaluwalhatian para sa pagpapakita ng Diyos sa karilagan (Apoc. 21:11, 23).

**IV. "Ang Kanyang mga pundasyon ay nasa mga banal na bundok. / Iniibig ni Jehovah ang mga pintuan ng Zion"—Awit 87:1-2a:**

A. Ang Zion, bilang isang sagisag ng mga mandaraig sa ekklesia, ay naitayo sa pinakamataas na rurok ng "mga banal na bundok," na sumasagisag sa mga ekklesia lokal, na ang pundasyon ay si Kristo (b. 1); ang makalangit na Zion, na patungkol dito'y sinasalita ang mga maluwalhating bagay (b. 3), ang magiging huling lugar ng kapahingahan para sa mga mandaraig (Apoc. 14:1).

B. Ang mga pintuan ng Zion ay para sa paglabas at pasok, sumasagisag sa pagsasalamuha; ang katunayan na ang Bagong Herusalem ay magkakaroon ng labindalawang pintuan (21:12, 21) ay nagpapahiwatig na ang banal na lunsod ng Diyos ay mapupuspos ng pagsasalamuha.

C. "Tungkol sa Zion ay sasabihin, / Ang isang ito at ang isang iyong ay ipinanganak sa kanya, / Sapagkat mismong ang Kataas-taasan ang magtatatag sa kanya. / [Si Jehovah] ay magbibilang / Habang Kanyang itinatala ang mga bayan: / Ang Isang ito ay ipinanganak doon" (Awit 87:5-6); ang namumukod-tanging Isa, si Kristo, na siyang totalidad ng lahat ng banal ("ang isang ito" at "ang isang iyon"), ay ang Isa na siyang lahat ng banal at nasa loob ng lahat ng banal (Col. 3:11).

D. "Lahat ng aking mga bukal ay nasa iyo" (Awit 87:7); hayaang magmapuri ang Ehipto sa Nilo, at hayaan magmapuri ang Babilonia sa Eufrates; wala silang mga bukal, subalit tayong nasa Zion ay mayroon ng mga ito.

**V. Ang mga Awit ng Pag-akyat (Awit 120—134) ay nagsasabi ng kahalagahan ng Zion at Herusalem sa mga karanasan at mga papuri ng mga banal:**

A. Binabanggit ng Awit 132 ang pitong mahalagang aytem na may kaugnayan sa mga mandaraig sa kanilang pag-akyat sa Zion; ang mga aytem na ito sa taluktok ng buhay-ekklesia, at inilalarawan ng mga ito ang sitwasyon ng mga mandaraig sa Zion, ang pinakamataas na rurok ng bundok ng Diyos—bb. 13-18:

1. Nagpapahinga kasama ang Diyos—"Ito ang Aking pahingahang dako magpakailanman" —b. 14a.
2. Nananahan kasama ang Diyos—"Sapagkat ito'y Aking ninasa, dito ako tatahan"—b. 14b.
3. Pagkain para sa kasiyahan—"Ang kanyang pagkain ay pagpapalain ko ng sagana; / Aking bubusugin ng tinapay ang kanyang dukha"—b. 15.
4. Maluwalhating kasuotan—"Ang kanyang mga [saserdote] ay daramtan Ko ng kaligtasan, / At ang kanyang mga [tapat] ay sisigaw ng malakas sa kagalakan"—b. 16; cf. Exo. 28:2.
5. Ang sungay ng katugumpayan—"Doo'y magpapasibol Ako ng isang sungay para kay David"—Awit 132:17a.
6. Ang nagliliwanag na ilawan—"Aking ipinaghanda ng ilawan ang Aking binuhusan ng langis"—b. 17b.
7. Ang nagniningning na korona—"Ang kanyang mga kaaway ay daramtan ko ng kahihiyan, / Ngunit ang kanyang korona ay magbibigay ng kaningningan"—b. 18; cf. Isa. 62:3.

B. Kapag ang Zion ay naitayo gaya ng nailarawan sa Awit 132, tayo ay mayroong lugar kung saan tayo ay makapagtitipon at kung saan makapananahang magkasama sa kaisahan; gaano kainam at kaaya-ayaaya ito!—133:1-3.

C. "Pagpalain ka nawa [ni Jehovah], mula sa Zion/ Siyang gumawa ng langit at lupa" (134:3); saanman may mga mandaraig, naroroon ang pagpapala ng Diyos; laging pinagpapala ng Diyos ang Kanyang bayan mula sa Zion, mula sa pinakamataas na rurok, mula sa mga nakaabot sa taluktok, sa posisyon ng mga mandaraig; mula sa posisyong ito ay pinagpapala ng Diyos ang Kanyang buong bayan.

**VI. Ngayon sa kapanahunan ng ekklesia, ang mga Diyos-tao na napasakdal at gumulang ay ang Zion, ang mga mandaraig, ang mga buháy na grupo sa loob ng mga ekklesia, subalit sa bagong langit at bagong lupa, ang buong Bagong Herusalem (Apoc. 21:16) ay magiging Zion, kasama ang lahat ng mananampalataya bilang mga mandaraig—b. 7 at talababa 1.**

*© 2022 Living Stream Ministry*